REBOLUSYON ANG PANGUNAHING TUNGUHIN SA DAIGDIG NGAYON

ULÓS

REBOLUSYON
ANG PANGUNAHING TUNGUHIN SA DAIGDIG NGAYON

BUONG-PANLILIMLANG na pinalalabas ng mga peryodikong kontrolado ni Marcos na matagumpay ang diktadurang E.U.-Marcos. Ang katotohana'y ipinakita ng diktadura mismo nang magtakda ito ng malawakang red alert sa pagtatapos ng "legal" na panunungkulan ni Marcos noong Disyembre 30, 1973. Ang pagkatakot na ito sa sambayanan ay patunay na nanganganib ang paghahari ni Marcos at ng kanyang among kapitalistang Amerikano at Hapones.

Sa labas men ng Pilipinas, hindi ang naghaharing uring nagpapasasap na nanunubos ang umaani ng tagumpay. Saanman may mga anti-pasistang puwersa ng bayan, ang mga ito ay buong-giting na lumaban sa mga tirano. Bunga ng ganitong oposisyon sa pang-aapi't pagsasamantala, ang taong 1973 ay naituturing na isa sa mga rurok ng pandaigdigang rebolusyon.

Sa Timor, Sulo at Bikol, hanggang sa Mosambique sa bahagi ng Aprika na pinaghaharian ng mga Portugese, nagpahayag ng pagtutol ang mga mamamayan at kanilang pinatunayan na sila ang nagmumulong sa kasaysayan.

Noong magtatapos ang Enero, 1973, naging litaw kung alin-alin ang mga pangunahing puwersang nagtutunggalian sa daigdig sa kasalukuyan. Pinaslang ng mga sundalong Portugese si Amilcar Cabral, ang Pangkalahatang Kalihim ng Partido ng Kalayaang Aprikano ng Guinea at Cape Verde. Si Cabral ang namuno sa mga puwersa ng pagpapalaya ng Guinea sa loob ng mahigit na sampung taon, na ang layuni'y wakasan ang pang-aapi't pagsasamantala sa kanyang mga kababayan. Pagkaraan ng tatlong araw, pinabagsak ng mga gerilya ang ilang eroplanong Portugese matapos ihayag kung sino ang mga kriminal na dapat managot sa pagkamatay ni Cabral--mga monopolyo kapitalistang dayuhan na nakipagsabwatan sa mga rasistang among Portugese.

Sa Maynila ay naganap din ang ganoong buktot na pagsasabwatan. Ipinatay ni Marcos sa bayan ang huwad na plebisito, at isinuko ang ekonomiya ng Pilipinas sa mga mandarambong na kapitalistang Amerikano. Sinuklian ng Estados Unidos ang ganitong kataksilan ng basbas ng imperyalismo at karakarakang ipinadala sa Capiz at Mindoro ang mga Green Beret na mula sa Biyetnam. Nang linggong pasalangin ang lider ng kilusang mapagpalaya sa Guinea, ang ating mga puwersa ng pagpapalaya ay namuno sa isang mapangahas na pagtakas sa bilangguan sa Sorsogon. Nauna rito ang pananambang sa Assistant Provincial Commander ng Bikol. Sa pagtakas ng mga bilanggo, inihudyat nila ang pagtatakwil ng bayan sa huwad na plebisito at sa pakikipagsabwatan ni Marcos sa mga puwersang imperyalista na siya ring nagpahamak kay Cabral sa ibayong dagat.

Ang rurok ng narating ng mga puwersang rebolusyonaryo sa daigdig ay kinakatawan ng ceasefire sa Biyetnam noong Enero 28. Hindi nakaya ng tone-toneladang bombang ibinagsak sa mga mamamayan ng Indotsina na pigilin ng puwersang militar ng Estados Unidos ang pagmulong ng bayang Biyetnames tungo sa pagdurog sa imperyalismong Amerikano.

Noon namang Marso, sa Estados Unidos ay naputanghal ang bisa ng lakas ng mga mamamayan. Ilang Indiyang Amerikano sa isang ulilang reserbasyon para sa mga Indian sa South Dakota ang nagpamalas sa buong daigdig ng magiting na paglaban. Nagbarikada sila sa pusod ng nayon ng Wounded Knee. Libulibong bala ang itinudla sa mga Indiyan bago sila nagapi ng mga puwersa ng gobyerno. Hinangaan sila ng daigdig dahil sa matatag nilang paglaban. Pinuri sila dahil sa paglalantad nila sa kabulukan ng yaman at kapangyarihang Amerikano na itinayo sa pangangamkam ng lupain ng mga Indiyan at pamamaslang ng mga Indiyan at Negro.

Ang opensibo noong Febrero 28 sa Kotabato ay nilahukan ng 17,000 armadong katao na nagpalaya sa 27 bayan sa Mindanao. Tinawag nito ang pansin ng daigdig sa kahungkagan ng papet na diktadurang Marcos at sa 40 taong pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan. Ikinubli ng diktadura sa mga kasinungalingan ang tagumpay ng Bagong Hukbong Bayan at ng Muslim Revolutionary Forces sa Kotabato. Hanggang ngayon ay itinatago pa rin nito ang katotohanang 4,000 sundalo ng AFP ang nalagas sa unang walong buwan ng digmaang bayan sa Mindanao.

Sa buwan ng Marso, apat na pangunahing rehiyon ang nagnganganlit sa armadong pakikibaka at nagsasagawa ng rebolusyonaryong reporma sa lupa. Dahil dito, ipinatawag sa mga rehiyong ito ang "free fire zone" na pinamahalaan ng Estados Unidos, at ang mga mamamayan ay itinaboy mula sa kanilang mga bukirin at halos gutumin ang mga ito sa loob ng mga "strategic hamlet" na tulad ng nasa Biyetnam. Sa pagpasok ng Abril, daanlibong magsasakang Pilipino ang nagdanas ng buhay-palaboy na karaniwan na sa Indotsina at sa Gitnang-silangang Asya.

Sa pagpasok ng Abril, ang mga mamamayan sa Davao Oriental ay walang-habas na pinaputukan ng mga baril na galing sa Estados Unidos at sila'y itinaboy sa mga "strategic hamlet". Sa Gitnang-silangang Asya naman, ang mga Siyonistang (Zionist) Israeli, sa pagtataguyod ng Estados Unidos, ay sumalakay sa Lebanon sa hangad na durugin ang mga gerilyang Arabe sa makalagpas ng hanggahan. Sa panahong ito, pinalabo sa iba't ibang pahayagan sa daigdig ang isyu ng terorismo ng Grupong Black September. Iniugnay rito ang mga puwersa ng pagpapalaya ng sambayanang Palestino bagamat ito'y buong-diing itinakwil ng Al Fatah at ng iba pang puwersa ng mga Palestino. Di naglaon at ang pananalakay ng mga Siyonista ay naging Digmaang Arabe-Israeli hinggil sa langis. Ang pandaigdigang krisis na ito sa langis ay ginamit na dahilan ni Marcos

upang ikubli ang mga katiwalian sa ekonomiya ng kanyang diktadura.

Muling pinagngalit ng kolonyalismo ang mga puwersa ng sambayanan sa buong daigdig noong Hunyo. Nasiwalat ang pamamaslang ng mga sundalong Portuges sa 400 mamamayan sa Mozambique. Sa Aprika sa kasalukuyan, ang kabuktutan ng mga kolonyalistang Portuges ay walang kapantay. Nakikipagsabwatan sila sa mga rasista sa Rodesya at Timog Aprika upang mapluwan ng mga Aprikano na nagsisilbing alipin sa mga minahan at anyenda ng mga panginoong puti sa timog. Gayunpaman, buong-katatagang nakikibaka ang mga sandatahan sa ilang pook ng Aprika na kontrolado ng mga Portuges—sa loob lamang ng nampung taon, nagkatalo ng Angola ang napalayas ng, dalawang-katlo ng Mozambique at dalawang-katlo rin ng Guinea. Subalit hindi pa rin tuluyang maglaho ang nagbibingolong puwersa ng kolonyalismo pagkat ito'y pilit pinalalawig ng patagong bagong kolonyalismo.

Aktibong-aktibo nitong nagdaang taon ang bagong tipo ng kolonyalista. Ito ang kolonyalistang may alay na tratadong pangmilitar at hayagang gumagamit sa mga embahadang Amerikano para sa mga kontra-rebolusyonaryong pakana. Lahat ng papet na rehimen nito—mula sa timog ng Korea hanggang sa Brasil—ay tinambakan ng tulong pangmilitar at pinaliguan nito ng mapanlinlang na propaganda ang mga mamamayan.

Sa Indonesya, ang mga bilangguan ng diktadurang Suharto na suportado ng Estados Unidos ay nagsisikip pa rin sa 70,000 bilanggong pulitikal. Sa loob ng nagdaang pitong taon, 300 pa iasang ang naihahabla sa korte o nalilitis. Sa timog ng Korea na ang pamahalaa'y suportado ng Estados Unidos, ang pageuspinde sa mga kalayaang sibil at ang pagpipiit ay lalong pinalalagim ng katotohanang may mga lugar na ang mga lalaki'y walang hihigit sa 40 taon. Sa mga lugar na ito, lahat ng kabataang lalaki ay pinaslang nang mag-alsa ang mga mamamayan, 20 taon na ang nakararaan, laban sa papet ng Estados Unidos na si Syngman Rhee.

Sa timog ng Biyetnam, na pinaghaharian ng diktador Thieu na papet ng Estados Unidos, naibalik na ang lahat ng bilanggong Amerikano, subalit doo'y mas marami ang mga bilanggunan kaysa mga paaralan at ibang institusyon, at hanggang ngayon ay daan-libong bilanggong pulitikal ang nagdurusa sa mga piitang ito.

Sa Amerika Latina, mga rehimeng papet ng Estados Unidos ang patuloy na nandarahas sa pagitan ng mga minamicbrang "malayang eleksiyon. Sa Guatemala, taun-taon ay sanlibong tumututol sa pamamalakad ng naghaharing uri ang pinapaslang ng mga ahenteng tinutustusan ng tulong pangmilitar ng Estados Unidos. Sa Brasil, ang pamamaslang ay isinasagawa naman ng mga "death squad" na tinutustusan ng CIA. Sa Uruguay, may tuwirang ugnayan ang embahada ng Estados Unidos sa Montevideo at ang anim na komandong antigerilya na lumilipol sa mga lider ng gerilya. Sa Arhentina, nilabanan ang ganitong kabuktutan ng mga pagbabalikwas ng mga manggagawa sa purok ng Cordova. Doon, matagumpay na sinalakay ng Marxistang Rebolusyonaryong Hukbong Bayan (ERP) ang buktot na American Development Bank at ang nakuha nitong halos kalahating milyon ay ipinamahagi sa mga mamamayang Arhentino. Sa Republikang Dominikano, na siyang huling balwarte ng imperyalismong Amerikano laban sa sosyalistang Cuba, tinatayang may pinapatay o dinudukot na militante na bawat 34 na oras, at umaabot sa 1,500 mamamayan ang inaresto sa loob ng 60 araw. Subalit sa kabila nito, ang mga puwersa ng sambayanan sa buong Amerika Latina ay ayaw mapatakot.

Inihudyat din ng taong 1973 ang pag-aalsa ng mga bagong militanteng estudyante sa ilan sa pinakamapang-aping rehimeng militar: sa Gresya, Hilagang Irlandiya, Espanya at Portugal. Hindi ininda ng mga estudyante ang mga hantang pag-aresto, at nakarika sila sa mga kalsada mahaming buwan bago nagsimulang magdemonstrasyon sa mga kalsada ng Bangkok ang mga estudyanteng Taylandes. Ang mga partisanong Irlandes ay patuloy na sinusuportahan ng mga estudyante sa Irlandiya. Patuloy na tinutuligsa ng buli ang tatlong-daang taon ng paghahari ng Britanya, bagamat maaari silang ipiit kaagad alinsunod sa isang umiiral pong batas, ang Batas sa Pagpiit ng mga Terorista.

Matapos ang sampung araw ng patuloy na pagdedemonstrasyon ng 250,000 estudyanteng Taylandes at ng kanilang mga kaisang-prente, noong mga huling araw ng Oktubre ay tumakas ang papet na si Thanom Kittikachorn papuntang Taiwan, ang matagal nang pugad ng mga bumagsak na papet ng Estados Unidos. Malinaw kung bakit ang pangyayaring iyon ay hindi ginanong binigyang-pansin ng mga nahayagang Marcos. Ang pangunahing hinihingi ng mga estudyanteng Taylandes ay ang pagbibigay-wakas sa di-konstitusyonal na panunatili ni Kittikachorn sa posisyon. Bago maganap ang mga aksiyong pangmasa, pinayapa ni Kittikachorn ang mga mamamayang Taylandes nang tanungin siya tungkol sa kakulangan sa bigas: "Walang kakulangan sa bigas sa Taylandiya, nagkakarami lamang itinitira ng mga mamamayan sa kanilang plato." Sa Maynila, nang mga mandili ring iyon, ay mga ulat tungkol sa mga mamamayang hinihirap sa mahapong pagpila sa bigas. Hindi rin ibinalita sa mga pahayagan ang tungkol sa marahing pagpigil na gilo kamay ng pagpila sa bigas.

Samantala sa Kambodya, sinalakay ng mga Khmer Rouge ng mga puwersa ng pambansang pagpapalaya, habang inililikas sa Taylandiya at Pilipinas ng mga "tagapayong" Amerikano ang kanilang mga pamilya. Sa Laos naman, tiyak na ang tagumpay ng Pathet Lao.

Nang sumiklab ang makasaysang Pasko, na kinatitnan ng pamamaynani ng mga puwersa ng pambansang pagpapalaya sa buong mundo mula sa Dublin hanggang sa Kalagitnaang Luzon, nagbaba si Marcos ng red alert. Kasunod nito ang mga panibago at malawakang pag-aresto sa mga propesor at estudyante. Habang patuloy na ipinagpapalandakan ni Marcos na sumuko na ang lahat niyang "kaaway", ang mga kasinungalingang lumalabas sa kanyang mga pahayagan tungkol sa popular na pagsuporta sa kanyang rehimen ay inilantad naman niya mismo sa pamamagitan ng lubusang paghihigpit sa Kamaynilaan. Bawat dalawang bloke ay pinatatamayangpagan ng mga armadong tropa ng PC o Metrocom, at higit na marami ang armalayt kaysa kriminal sa.

REBOLUSYON...

Malinaw kung bakit dapat mag-alala si Marcos. Ang unang labing-anim na buwan ng malawakang pana-nakot na ginagastusan ng Estados Unidos laban sa mga puwersa ng pambansang pagpapalaya ay nakapag-patunay na hindi kailanman maaasa-botahe ang isang tunay na rebolu-syon ng bayan sa pamamagitan ng isang gawa-gawaan at huwad na re-bolusyon. Sa katunayan ay nagdaan na sa mahihigpit na pagsubok ang ating mga puwersa ng pambansang pagpapalaya magmula nang ibaba ang batas militar. Ang malalawak na lugar sa kanayunan ng Isabela, Bikol, Zambales at Mindanao ay nagalugad na sa pamamagitan ng mga imbing kampanya ng pangungub-kob. Dito ay kinasangkapan ang mga armas tulad ng napalm na si-yang ginamit ng mga pasistang tropa ng Estados Unidos sa pana-nalakay sa mga baryo ng Indotsi-na. Ganyan ding mga armas ang gi-namit sa pandarahas sa mga baryo sa Luson, Panay at Mindanao. Su-balit wala pang nagtatagumpay na pangungubkob sa Bagong Hukbong Bayan.

Sa kalunsuran, lumitaw ang isang malawak na kilusang lihim. Ito ay nilalahukan ng mga biktima ng batas militar na wala pang gaanong karanasan sa pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya. Subalit sa kabila ng paulit-ulit na pag-aresto na sinasabra ng mga bayarang imporner, patuloy ang kilusang lihim. Ang mga sim-patisador nito ay patuloy na du-marami, at lumalaganap sa kapulu-an ang mga publikasyong inilala-bas nito. Sa kulang-kulang na 20,000 katao ng inaresto noong na-karaang taon, hindi bihirit sa liamang porsiyento ang kadre ng Pambansang Demokratikong Prente. Sa bilang na ito, marami ang na-katakas, lalo na sa mga istokayd sa probinsiya. Ang mga ito'y bu-ong-giting na kinupkop ng mga ng simpatisador, sa kabila ng pa-hihigpit ng pinakabatikang mga tropa ng gobyerno at mga alipures nito. Sa nalalabi namang 95 por-siyento na inaresto gayong pinag-hihinalaan lamang o kinasitaan ng di-pagsang-ayon sa administrasy-on, ang mga peghihirap na lamang na dinanas nila ay nagbunsod sa kanila upang hindi manatiling neutral.

Sa kalunsuran pa rin, mula sa Baguio hanggang sa Davao, nagpa-tuloy ang maigting na pag-aalsa ng mga manggagawang industriyal at maralitang tagalunsod sa kabila ng lahat ng kautusan ni Marcos na nagbabawal sa mga pag-aaklas at demonstrasyon. Matagumpay na isinagawa ang mga pag-aaklas, sit-in at maging mga martsa sa Malakanyang sa mga pagawaan ng lata at guwantes at mga seksherers. Ang matagal nang militanteng mga teuper ng dyipni ay patuloy sa pamamuno ng mga welga sa siyudad kaugnay ng tumataas na presyo ng langis at pagbaba ng kanilang ki-nikita. Nagsagawa ng mga biglaang pagwewelga ang mga teuper sa Ba-guio, Iloilo at Davao, samanta-lang sa Maynila, 300 maybahay ng mga teuper ng dyipni ang nagmar-tsa papuntang Malakanyang. Suba-lit di-tulad ng mga dayuhang ku-mokontrol sa langis, hindi sila pinahintulutang makaharap ang diktador.

Sa gitna ng mga pagsosona sa gabi at sa harap ng mga iskuwad-panlansag ng estado, patuloy at buong-giting na tumutol ang mga maralita sa Sampaloc, Pasay, Ta-talon at Tondo sa pamamagitan ng mga martsa, barikada at maging ng mga armas simula pa noong unang linggo ng pag-iral ng batas mili-tar. Noong Nobyembre, 1,000 mara-lita ng Zone One Tondo Organiza-tion (ZOTO) ang nagmartsa at ha-los umabot sa Malakanyang bago sila pinigil ng pulisya ng Maynila at ng Metrocom. Habang nagaga-nap ang martsa, ginigiba naman ng unipormadong sundalong Coast Guard ang Bloke I ng Bonifacio Village—isang akalyong labag sa isang dating kasunduan. Makaraan ang ilang linggo, limampung lider ng ZOTO ang inaresto kaugnay ng ginanap na martsa.

Sayunpaman, ang tanging pa-rin ng papet na rehimeng Marcos ay ang kumbensiyonal na armadong pag-aalsa ng ibang grupo ng nag-hihiwalay uri. Tuwina ay ipina-nganganlandakan nito na nalansag na ang "makinarya" ng pagtutol at ang Pambansang Demokratikong Prente sa pamamagitan ng pagpipi-it sa mga lider niyon at paggaga-wad ng amnestiya sa kakarampot na magsasaka. Lagi nitong nakakali-mutan na ang makinarya ng pagta-tol ay hindi ang mga lider kundi ang kabayanan. Isasama naman ng diktadura sa 8j kadre lamang ng Bagong Hukbong Bayan ang napatay nito noong nakaraang taon. Sa pa-nig nito, sa Luson lamang ay ma-higit nang 1,000 tropa ng AFP ang nalalagas.

Subalit ang pagtutol ay hindi kailanman nasusukat sa mga pag-aresto o sa bilang ng mga napili-tang lumagda sa kasulatan sa am-nestiya. Kasusukat lamang ito sa katatagan, sa lakayahang magpaka-sakit at sa matibay at taimtim na rebolusyonaryong paninindigan ng kabayanang Pilipino, at lahat ng ito ay patuloy na gumagabong. Kung ninais ng kabayanan na su-muko, kung ninais nilang maki-pagtulungan sa rehimeng Estados Uni-dos-Marcos sa pagwasak sa kanilang mga baseng rebolusyonaryo at pag-puksa sa kanilang mga kadre, gi-nawa na sana nila ito sa unang tatlumpung araw ng pag-iral ng batas militar. Subalit hindi nila ito ginawa. Sa halip, tulad sa Indotsina, Hilagang Irlandiya, Wounded Knee, Lebanon, sa bahagi ng Aprika na kontrolado ng Portu-gal at sa buong Amerika Latina, nagbalikwas ang kabayanang Pili-pino at nagsagawa ng sarili ni-lang pakikibaka. Ang nakaraang taon ay naging saksi sa kabayani-han ng kabayanan mula sa Batanes hanggang sa Jolo.

Sapagkat ang rebolusyon ang siyang pangunahing tunguhin sa Pilipinas ngayon at ng ating kaha-nan sa hinaharap.

BAWAL ANG STRIKE, NGUNIT PATULOY ANG PAKIKIBAKA

DATI, may overtime pay kung nagtatrabaho sa araw ng Linggo. Ngayon, wala na.

Dati, binibigyan ng 14 linggong bakasyon ang mga manggagawang babaing manganganak. May karapatan sila sa 60% ng kanilang suweldo sa loob ng panahong iyon. Ngayon, anim na linggo na lamang ang bakasyon sa panganganak at ang matatanggap lamang ng isang manggagawa ay 28⅓% ng kanyang regular na suweldo.

Dati, ang TB leave ay hiwalay sa sick leave. Kung may TB ka noon, patuloy ang bakasyon mo hanggang sa ika'y gumaling, at hindi ka maaaring tanggalin sa iyong gawain. Ngayon, ang TB leave ay inaawas sa sick leave, at kung hindi ka gumaling sa loob ng isang taon, tanggal ka sa trabaho.

Sinasabi sa batas na ang minimum wage ay ₱8, ngunit may mga pagawaang nagbabayad lamang ng ₱6.50 sa mga manggagawa. Masahol pa rito, ang mga manggagawang tinatawag na apprentice ay walang suweldo sa loob ng anim na buwan.

Ngayon, ilang pagawaan ang hindi nagbibigay ng Christmas bonus? O hindi nagpapadala sa kinauukulang ahensiya ng mga SSS at Medicare premiums na kinakaltas sa suweldo ng mga manggagawa?

Dati, kumikita ang mga jeepney drivers ng mula ₱15 hanggang ₱20 sa isang araw sa pagpapasada. Ngayon, dahil sa pagtaas ng gasolina, ang kinikita nila ay mula ₱4 hanggang ₱6 na lamang.

Ngayon, pag may brown-out sa isang pagawaan, ang mga manggagawa'y hindi pinalalabas ngunit wala namang suweldo.

May mga pangasiwaan ng pagawaang ayaw nang humarap sa bagong kasunduan sa pamamagitan ng collective bargaining. Ang ilan nama'y nakikipagsabwatan sa mga dilawang pinuno ng unyon at dahil dito'y lalong nababawasan ang mga karapatan at benipisyong naipagwagi na ng mga manggagawa bago ibaba ang batas militar.

May mga pagawaan naman na upang wasakin nang lubusan ang mga nakatatag na unyon, ginagawa na lamang "pakyaw" ang trabaho ng mga manggagawa.

Siniksikil ng mga kapitalista ang mga manggagawa upang lalo silang makapagkamal ng mas malaking tubo, at nasa panig nila ang pamahalaang diktatoryal. Ang walang pagbabago sa dati nang mababang suweldo, ang pagkaltas ng mga benipisyo, ang daging na mga buwis, ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin atbp., ay patuloy na nagpapahirap sa kabuhayan ng mga manggagawa.

Hindi naman sila makapagstrike. Bawal. Magpunta na lamang daw sila sa NLRC (National Labor Relations Commission). Ang hirap nito, sa lahat halos ng mga pagdinig (hearings) na idinaos sa NLRC, ang Management lagi ang nagwawagi. Unang-una, may kakayahan silang umalkila ng abugadong matinik magtahi-tahi ng kasinungalingan, at magbayad ng fee sa bawat pagdinig.

Dahil dito, at sa kabila ng pagbabawal na mag-strike, ang mga unyon ay nagpapahayag ng kanilang pagtutol, kahit gaano kalimitado. Iba't ibang anyo ng pagtutol ang kanilang natututuhang gamitin upang ipagtanggol ang kanilang karapatan.

Halimbawa, sa isang pagawaan ng gumantes sa Cacalbang, Laguna. Una, nagbigay ang unyon ng isang petisyon sa Management upang bayaran ang mga manggagawa sang-ayon sa "Minimum Wage Law" at bayaran ang mga apprentice. Hindi ito pinakinggan. Ang sumunod na ginawa nila, sa halip na pumasok sa pabrika, sila ay nagmartsang paikot dito. Ganito ang ginawa ng 500 manggagawa na nasa turnong panggabi, at ng 500 manggagawang nasa pang-araw. Sinabi nila na kung hindi makakamit ang kanilang ipinakikipaglaban sa ganitong paraan, sila ay gagamit ng mas malakas na uri ng pagtutol.

Nag-boycott naman ang mga manggagawa sa Pampanga Sugar Mill (PASUMIL) dahil sa sila ay hindi sinuweldohan sa loob ng isang buwan, at dahil sa iba pang karaingan, tulad ng hindi pagbibigay sa kanila ng Christmas bonus.

Nag-walk out ang 200 manggagawa sa isang pagawaan ng lata sa Mandaluyong, Rizal. Tinutulan nila ang pagdiditine sa kanila sa loob ng pagawaan kung may brown-out, ngunit walang suweldo. Ang sagot ng Management dito ay ang pagpipinid ng pinto ng pagawaan upang hindi makapasok ang mga manggagawa. Nagbabala naman ang mga manggagawa: ang "lock-out" ay labag sa batas. Walang nagawa ang Management kundi sang-ayunan ang kahilingan ng mga manggagawa. Babayaran sila ng katumbas ng isang oras na suweldo kung sila ay pinanhihimpil sa loob sa panahon ng brown-out. Kung tumagal ang brown-out nang mahigit sa isang oras, libre na silang umalis.

Sa isang pagawaan ng ballasts sa Makati, nag-slow-down ang mga manggagawa sa kanilang gawain, at ayaw nilang magtrabaho ng overtime dahil sa hindi pagpayag ng Management na humarap sa unyon upang pag-usapan ang bagong Collective Bargaining Agreement. Sinabi pa ng isang manggagawa: "Ang pagtanggi namin sa overtime ay pagtanggi na rin sa Bagong Lipunan ni Marcos dahil sa pakikipagtulungan nito sa mga dayuhan." Kapitalistang Amerikano ang may-ari ng ballast factory.

Dahil sa pagtaas ng gasolina at sa pagpila nang ilang oras sa mga gasolinahan, malaki ang nabawas sa kinikita ng mga drayber ng jeepney sa kanilang pagpapasada. Nagpakita ng pagtutol ang mga drayber sa Baguio, Maynila, Iloilo at Davao. Nag-i-slow down sila, o pumapasada nang tanghali na, o inaagahan ang paggagarahe. Nauunawaan ng mga mananakay ang kalagayan ng mga drayber, kung kaya't boluntaryong dinadagdagan nila ng singko ang pamasaheng kinse. [Simula noong Pebrero 18, ang pinakamababang pamasahe ay beynte sentimos.] Naging ang mga asawa ng mga drayber ay kaisa nila sa pagtutol. Halimbawa, 300 ginang ng mga drayber sa Maynila ang nagmartsa sa Malakanyang upang tutulan ang pagtaas ng presyo ng gasolina na lalong nagpapahirap sa kanilang buhay.

Sinabi ng isang drayber na may anim na anak: "Said na kaming talaga sa aming mga paghihirap. Ang mga anak namin ay nagugutom na. Kung ganito nang ganito e, baka magsisi siya [Marcos] sa bandang huli."

Said na ang mga manggagawa, at hindi sila papayag na yurakan na lamang sila ng mga kapitalistang sinusuportahan ng diktadura nang walang paglaban. "Mas masarap pa ang lumalaban kaysa magpalukob nang ganito na lamang," ang sabi ng isang manggagawa.

Sila ay patuloy na lalaban, kahit bawal mag-strike.

ANG DINGDING NG BILANGGUAN AY DINGDING NA PAPEL



"Madalas ko ngang sabihin sa mga kasama ko rito na hindi lamang kami ang bilanggo kundi ang lahat ng mga taong naghihirap at pinagsasamantalahan ng mga kaaway. Tayong lahat ay bilanggo.... ng bulok na sistema, at tayo ay makalalaya lamang sa bilangguang ito kung ating **mawawasak** ang sistema...."

—Mula sa liham ng isang bilanggong pulitikal

HAWAK ang kanyang kalibre kuwarenta'y singko, tatakutin ka ng isang sarhento.

Bubugbugin ka ng mga sundalong lasing sa isang madilim na kubeta.

Ikukulong ka sa bartolinang may dalawang dipang pariwukat lamang ang luwang.

Ibibilad ka sa hamog at asbon ng gabi na walang sapin o panakip sa katawan. Ibibilad ka sa init ng araw.

Pagdadamuhin ka sa buong umaga. Bubulyawan. Uutusan. Kukutyain.

Bala-wala sa militar kung kumain ka man o hindi.

Hindi ka pahaharapin sa iyong mga dalaw. Ikakandado ang rehas na pintuan ng iyong kulungan. Gagawing mas maaga ang curfew.

O ililipat ka mula sa Ipil Reception Center (minimum security prison camp sa loob ng Fort Bonifacio) tungo sa Youth Rehabilitation Center (maximum security prison camp).

Ikaw ay isang bilanggong pulitikal, ngunit ang trato sa iyo'y parang sa isang kriminal.

Ang krimen mo'y ang nasain mo, sampu ng libo-libong mamamayang tulad mo, na durugin ang bawat dingding na kinabibilangguan ng buong saabeyanang Pilipino sa ilalim ng batas militar.

"Boks, sa sunti kong karanasan sa loob, talong luminaw sa akin na kayang-kaya nating gapiin ang kaaway. Talagang kayang-kaya. Kung baga sa chess, siguradong 'mate' sila basta't wala lang piring ang ating mga mata at hindi tayo padalos-dalos kung tumira. Basta't hindi lang 'blindfold' o 'blitz' chess ang ating laban, siguradong 'mate' ang kalaban."

—Mula sa liham ng isang dating bilanggong pulitikal na nakabalik sa rebolusyonaryong kilusan

Halimbawa:

1. Dalawang magkapatid na di aktibista ang nanggulo sa loob ng sleeping quarters at nagturo ng anim na bilanggong pulitikal na nagpasimuno raw ng kaguluhan. Lasing ang isa sa magkapatid; pareho silang "bata" ng mga sundalo sa guardhouse.

2. Walang ginawang anumang pagsusuri, nilamog ng mga sundalo ang anim, ikinulong sa isang bartolina, at ibinilad sa hamog at asbon sa buong magdamag. Inabutan na sila roon ng araw.

3. Kinaumagahan, nagpulong ang asamblea ng mga bilanggong pulitikal at napagkasunduang maglunsad ng "hunger strike" bilang protesta sa ginawang inhustisya sa anim na kasama.

4. Almusal. Dumating ang mess truck. "Kakainin namin yan kung pakakawalan ang anim na kasama", ang wika ng asamblea. Hindi pumayag ang militar, bagkus ay inilipat ang anim sa Youth Rehabilitation Center, pati na ang dalawang magkapatid. Formal na idineklara ng asamblea ang "hunger strike". Ilang kasama ang kumuha ng "chow" upang itapon ito sa banyo. Umalis ang mess truck na dala pa rin ang rasyon. Inipon naman ng mga kasama ang kani-kanilang personal na pagkain at si-



la ay nag-agahan ng kanila siasong kape at biskwit.

5. Tanghalian. Giniling ng mga kasama ang kanilang bigas, ginawa itong hot cake at inirasyon sa 134 bilang ng mga napipiit. Dumating at umalis ang mesa truck na hindi nabawasan ng pagkain.

6. Hapunan. Dumating at umalis ang mesa truck na hindi nabawasan.

7. Humingi ng pulong sa mga bilanggo ang isang kapitan. Nabigla daw lamang siya sa paglipat sa walong bilanggo sa YRC. Humiling na ibalik sa normal ang kalagayan at bigyan siya ng dalawang araw na paligit upang maibalik ang mga ito sa Ipil Reception Center. Pumayag ang mga kasama sa dalawang araw na paligit.

8. Huling araw ng paligit.

Naghanda ang mga kasama sa mataggalang "hunger strike". Inipon ang mga asin, nag-imbak ng tubig sa mga bariles, nagburo ng mga gulay, tiniyak ang itatagal ng mga gulay sa panahon, atbp.

Naghanda rin ang militar. Dinoble ang bilang ng tanod sa paligid ng kampo, panay de-armalite. Hinawan ang mga damo sa paligid ng bakod upang tiyaking ito'y buo. Tinabunan ang mga maliliit na kanal ng tubig palabas ng bakod. Kinumpiska ang mga piko, kutsilyo, tinidor, martilyo, screw driver. Kinansela ang pagbibisita.

9. Gumawa ng probokasyon ang iilang sundalo: inihampas ang kanilang mga batuta sa pinto ng detention quarter, binato ang bakod ng kampo, at nagpaputok ng baril.

Nanatiling kalmado ang mga kasama.

10. Alas dos ng hapon, idinating ang anim na kasama, pati na ang dalawang basagulero, mula sa YRC. Sinalubong sila ng mga kasama.

11. Suko ang militar. Back to normal.

Kahit nasa kasay ng kanway, patuloy pa rin ang pakikibaka!

Ngunit sabi nga ng isang kasamang nasa loob: "Kayong mga nasa labas, sikapin ninyong hindi kayo mahuli at makulong tulad namin dito. Nagagalak kaming makabalita na nasa piling kayo ng masa't nakikibaka."

"Ang dingding ng bilanggunan ay dingding na papel"
—Mula sa isang awit na nilikha ng mga bilanggong pulitikal

Sa mga kampong piitan ng diktadura sa Nueva Ecija, sa Laguna, sa Sorsogon, pinatutunayan ng mga bilanggong pulitikal na kailangang kaatin nila ang kanilang paglaya sa pagsamgitan ng kanilang sariling mga kamay upang magampanan nila 'nang lubos ang kanilang rebolusyonaryong pakikibaka tungo sa ikawawasak ng naghahariang batas militar at ikapagwawagi ng pambansang kalayaan.

Hindi lamang ito. Pinatutunayan ng pagtakas, halimbawa, ng limang bilanggong pulitikal sa Kampo Vicente Lim, ang kahinaan ng reaksiyonaryong militar. Sabi nga nila sa kanilang manipesto pagkatapos na sila ay makalaya: "Kung hindi mapangalagaan ng kalaban ang kanilang sentro sa Timog Luzon, paano nila mapangangalagaan ang malawak na kanayunan sa buong bansa?"

Sa loob ng tatlong buwan, pinag-isipan nila ang kanilang gagawing pagtakas, at nang matunggan nilang sila ay ililipat sa Camp Crame, ay isinakatuparan nila ang kanilang plano.

Ang tagumpay ng kanilang pagtakas ay pagpapatunay sa katotohanan ng **awiting nilikha ni-wo** ng mga bilanggong pulitikal: "Ang dingding ng bilanggunan ay dingding na papel!"

TULA

PAGHAHATID SA IMORTALIDAD

Ang tulang ito ay paggunita sa kabayanihan ng mga militanteng kabataan na dinahas at minasaker ng pasistang rehimeng E.U.-Marcos sa mga malakihang demonstrasyong ginanap noong unang tatlong buwan ng 1970, lalung-lalo na noong ika-26 at ika-30 ng Enero. Ito ay binigkas ng yumaong Amado V. Hernandez noong ika-10 ng Marso, 1970, sa luksang-parangal para kay Enrique Sta. Brigida, aktibistang estudyante na kabilang sa mga pinaslang ng mga sundalo ng estado sa mga nabanggit na demonstrasyon.

Enrique Sta. Brigida at ang anim mong kasama,
kalahating dosenang sakripisyo sa altar
ng demokrasya,
mga pinagpalang biktima na minarder ng pulisya,
tinampalasan ng rehimeng pasista,
pinatay ng mga berdugo ng imperyalista,
dinurog ang inyong bungo ng truncheon at ng bala
ngunit buhay ang inyong kaluluwa,
buhay ang inyong pag-asa at aming pag-asa,
tuloy ang inyong panata at aming panata,
hindi kayo mamamatay at di kayo malilimot,
sa puso ng sambayanan igagawa ng bantayog,
bawat ninyo'y maririnig sa lahat ng dako't sulok,
gumuguhit na lintik, dumadagundong na kulog,
isang higanteng nagbabalikwas na paa'y
Central Luzon at ang ulo'y Sierra Madre,
nagsisigaw sa sinukob:
"Makibaka, huwag matakot!
sa inyo'y walang mawawala liban sa kadena
ng pagkabusabos!
makibaka! huwag matakot,
hanggang sa ang bulok ng sosyedad ay bumagsak
at madurog!"

Enrique Sta. Brigida, paalam sa iyo,
ilalagay ang kulay na pula sa itaas ng bandera,
tuloy ang pakikibaka, alang-alang sa demokrasya,
demokrasya ng paglaya, pagkakapantay at hustisya
sosyal ng ating Republika;
ang kagitingan mo'y pamana at patnubay
ng mga naiwan sa landas,
ang iyong dalisay na dugo ay magpapatingkad
sa luwalhati ng ngumingiting bukas
ng ating malusog at nagsasariling Pilipinas!
Enrique Sta. Brigida at ang anim mong kapatid,
humimlay kayo nang tahimik
sa aming walang-katapusang pag-ibig!

— AMADO V. HERNANDEZ

IN THIS DARKNESS, A TORCH GLOWS

A bright day,
but the city is dark
and gray.

The air is tense,
letters on the walls
shout in anger, in revolt!

The fortress of the enemy
cracks.
The demon groans.

We have pierced the enemy!

Panic. More men guard the fortress.
The maddened beast hits wildly, blindly.
Swiftly, we evade his vicious thrusts.
We lift to safety our fallen comrades.

Dusk augurs
his defeat,
the old patriarch with inutile mind.

His soldiers,
though armed to the teeth,
are weak of heart.

Fortress walls crumble!

Throughout the night,
shielded by the people
we penetrate unseen by enemy's eyes.

Quickly! Join hands and prepare!
Sow the seeds of hope and struggle!
Nourished by the people, we live, we grow!

Tomorrow,
red glow of dawn
will signal his defeat.

The final thrust
shall pierce deep
into his heart.

We shall triumph!

Tonight,
in the darkness of struggle,
the city lies in darkness.

Yet a lit torch glows with intense brightness!

— CONSTANCIO DE VERA

Tatlong buwan matapos sulatin ang tulang ito, ang makata, sampu ng ilan pang kasama, ay dinakip ng pasistang militar samantalang ginagampanan ang gawain sa rebolusyonaryong kilusan. Siya ngayon ay nakabinbin sa kampo ng diktadurang E.U.-Marcos bilang isang bilanggong pulitikal.

tatlong buwan na 'ata akong hindi nakakasilip ng palengke

(Ang sumusunod na artikulo ay batay sa isang araw na pamamalagi sa tahanan ng isang maralitang mag-anak sa Kamaynilaan.)

KINLAKI ng itlog na bugok ang sinag ng araw na lumbog-lumitaw sa sahig. Sa ibabaw ng tokador ay may alkansiyang ang isang tagilira'y de-salamin (walang laman sa loob) at sa butas-hulugan ay may nakaberang isang makintab ngunit walang-silbing Lapu-Lapu. Sa dinding ay may nakasabit na kalendaryo, noon pang isang taon, at may nakalimbag na mga patungkol pa sa isang kasinungalingan kaysa sigarilyo: "FORTUNE is your flavor." Kalapit nito ay isang inukit na kahoy na Mashara ng Katuwaan. Sa gawing ibaba nito ay may butas sa dinding, pahaba, tila isang napabayaang sugat sa segundamanong tabla. May papag na pang-mag-asawa sa isang sulok, at may kurtinang pinagdugtong-dugtong na mga sako ng asukal na nagsisilbi bilang partisyon. Sa isang sulok ay may lutuan, isang Goodfire, tila pugon ng tren sa ingay, at ang lata ng petrolyo para dito ay nakasabit sa pinakamalapit na poste at halos umabot na ang mababang bubong ng bahay. May maliit na lamesang-kainan, malapit sa dalawang bintanang parang pusang na nilikha dahil sa kakulangan lamang ng tablang magagamit. May makina sa pananahi na hindi na umaandar. Sa katabing bintana nito ay may tatlong latang may tanim na halaman, hindi maluluoy, at ang iba nga ay patay na.

Sa bandang itaas ng pintuan ay may isang nakabiting napakaliit na balutan: ang laman nito ay ang pinagputulan ng pusod ng sanggol na unang isinilang sa silid na ito. Siya ngayon ay anim na buwan na, at siya'y nakahiga't naglalaro ng tahimik sa nakalatag na banig sa sahig.

Dito nakatira ang pamilya ni Rene, may beynte-singkong taong gulang, walang trabaho. Ang kanyang asawa ay labandera, kumikita ng dalawang piso isang araw.

Sa ibaba nakatira ang nakatatandang kapatid ni Rene, si Didang. Ang silid ay sinlaki ng sa itaas. Bruwit kahit tanghali na'y makuliglim pa rin sa loob, at walang kaayusan. Ang lamesa ay nakahilis at gumegewang, sa ilalim nito'y may isang tisbeng siksik sa mgaruruming damit ng mga bata (anim ang anak ni Didang, ang pinakamatanda'y pitong taong gulang). Ang kalan ay maabo. May papag sa isang sulok, at dito siksikang pinagkakasya ng mag-anak ang kanilang katawan sa pagtulog. Isang malabong salamin tama lamang sa sukat ng mukha ang nakasabit sa dinding, at katabi nito'y may isang bungi-bunging suklay.

Ang asawa ni Didang ay namamasukan bilang drayber sa isang komersiyante. Siya ay bumibiyahe sa probinsiya ngunit ito ay hindi madalas, at madalas pa ngang siya ay nasa bahay kaysa sa pagbibiyahe. Si Didang ay namamasukan sa kalapit-bahay bilang isang labandera: dalawang piso ang kanyang suweldo sa isang araw, uno singkuwenta kung kalahating araw.

Ito ang tahanan ng mga Nicolas, isang pinagtagpi-tagping kadahupan sa pagitan ng dalawang magitayugang bahay-mayaman.

"Ay, ang hirap ng buhay," ang himutok ni Didang. May tatlumpu't limang taon na siya ngunit ang kanyang anyo'y higit na matanda kaysa kanyang gulang. Dahil ang kanyang katawan sa araw-araw na pagtatrabaho, kayat sa kanyang pagkilos at pananalita'y walang bahid ng panlulumo.

Makasalampak siya sa banig at nagpapasuso ng kanyang bunso. Katatapos lamang niyang maglaba, marahang hapon na siya babalik upang mamalantsa naman. Kaya-kaya, magluluto na siya sa ibaba ng kauntingbigas na nadala namin sa unang pagdalaw namin sa kanila. Kung wala niyon, wala siyang iluluto para sa pananghalian, bagamat may ulam siyang kukunin sa malaking bahay bilang bahagi ng kanyang pagsisirbisyo doon.

"Sa tanghali, hindi gaanong problema sa ulam. Kasi, libre'ng pagkain doon, kaya iniuuwi ko na lang ang aking pagkain. E kasyo kakain ako doon ng masarap, tapos yung mga anak ko dito kakain ng bagoong.

"Oo, bagoong, toyo, asin, asukal, yan ang madalas na ulam namin. Kung minsan, nakakahiyang sabihin pa rin, nagtatanong ako ng mga anak ko: 'May, hindi na ba tayo kakain ng isda?'"

"Pare-pareho kami," ang dagdag ni Rene. Mahina ang pagsasalita ni Rene mula sa isang sulok ng banig, walang tunog ng damdamin, at ang mismong pagsasalita tungkol sa kahirapan nila ay isa na ngang kalabisan, sapat na ang pagmamasid sa kanilang paligid upang maunawaan ang bawat pagsasalita ay pagbibigay-ngalan na lamang sa bawat tatak ng kanilang karukhaan: ang dadalawang basong inuman, isang lumang pitsel na plastik, isang tabong ibinan.... Payat ang pangangatawan ni Rene, walang sigla, nagugulumihanan ngunit tinitimpi ang sarili.

"Pare-pareho kami. Minsan nga, pag walang pagkain, tulog."

"Dati, nagsisipag pa kami pag umaga," ang wika ni Didang. "Ngayon, hindi na. Wala na kaming ibili ng asukal."

"Gaano kayo kadalas magsalengke ngayon?"

"Kami? Hindi ko na maranasang magsalengke." Tumawa si Didang. "Tatlong buwan na 'ata akong hindi nakakasilip ng palengke. Yung bibilhin kami ng ulam, dito na lamang sa anglalako. Minsan e bibili kami ng kalahating kilo, halimbawa, ng sapsap. Yung kalahating kilo, kung minsan, pinaaabot namin ng tatlong araw yun. Tinitipid namin ng husto."

"Hindi naman nagkakasakit ang mga bata?"

"Hindi naman. Yun lang ang pasalamat ko kahit wala akong pera. Kahit wala kaming pera. Hindi nagkakasakit. Yan lang siguro."

"Bakang lumaki sila, lalong lumalaki ang problema niyan."

"Oo. Noon lang minsan, yung kaisa-isang nag-aaral namin, wala akong maipahaon eh. Tiisa lang

yun. Hihingi ng pambili ng papel. 'Nanay, kailangan namin yung ganoon.' Wala akong maibigay. Mahirap din naman mangutang at wala kang ibabayad."

Ang binabayaran nilang magkapatid ay ang upa sa maliit na lupang kinatatayuan ng kanilang bahay. Dalawampung piso isang buwan, ngunit sa taong ito, may pasabot na sa kanila ang may-ari ng lupa na ito ay tatasahan ng mga limang piso. Hati silang magkapatid sa pagbabayad, gayundin sa tubig (₱3.50 bawat isa) at ilaw (tig-isang bombilya na sa gabi lamang ginagamit).

Didang: "Magbagong-taon kami, wala kami kahit singko. Wala akong nabili kahit ano para sa mga bata. Eto lang ang sa bagong damit (ang kanyang kilik na bunso), binigyan ng kanyang ninong. Pero yung mga yan (at hinagod ng tingin ang ibo niyang mga anak na naglalaro sa paligid niya), wala.

"Ni wala akong pambili ng sabon. Sabi ko nga, naglalaba ako sa iba, yung damit namin hindi maubos ang labahin. Hindi magkakasya ang isang Freeze lang sa damit ng mga bata, ang dudumi."

Mahina ang katawan ni Rene. Siya ay dating nagtatrabaho sa isang talyer na gumagawa ng mga fruit trays at mga estatwang yaring kahoy. Pangalawang shop na ito na napasukan niya; ang una'y nagsara dahil sa isang strike ng mga manggagawa doon. Si Rene ay wala nang balak na bumalik pa sa trabahong iyon dahil sa kanyang panghihina. Isa pa, mura ang bayad doon, por piraso, isa hanggang apat na sentimos sa isang maturnong tray o anuman, at marami ang kundisyon sa pagawaan.

"Pag nagtatrabaho kami, sinasara lahat ang bintana. At walang blower. Sandali lang akong magtrabaho, tapos lalabas uli ako. Titingnan ko ang mukha ko sa salamin. Kahit ako naka-gas mask, nakapalibot pa rin sa aking ilong, sa aking bunganga, yong malilit na kuseot. Pagdura mo, puro kuseot.

"Si ano nga, si Simeon, ang daming pantal. Dito, sa buong katawan niya. Basta pinawisan ng husto, lalabas agad ang mga pantal. Makating-makati. Ako nga, tinubuan din, o." Hinipo-hipo ni Rene ang kanyang leeg, ang kanyang batok. "Mabuti nawala-wala ng konti.

"Yung pugonero doon, may sakit. Payat na payat na siya. Nararamdam na siya ng sakit sa kanyang dibdib. Walang binyo 'yon. Hindi umiinom. Tun lang, ang dami ng anak.

"Pinagreresign na siya noong may-ari. Sabi niya, oo, kung ipapalit ang kanyang anak sa kanyang puwesto. Pero ang kanyang anak ay bibigyan lang ng kuwatro, at siya naman ay bibigyan ng apat na raan. Sabi niya, kalang na kulang yun. 'Dito na ako nag-asawa, dito na ako tumanda...' Otso pesos ang kanyang suweldo hanggang ngayon, samantalang yung mga kasabay niya, mga dose pesos na ang tinatanggap. Hinihingi niya yung SSS niya at yung Medicare, ayaw ibigay."

Hindi na babalik si Rene doon.

"Pero maghahanap ka ng bagong trabaho, ano?"

"Oo." Marahil, babalik siya sa isang shop na kanyang pinagtrabahuhan dati. Doon ay gumagawa siya ng mga kahon. Naalala niya noong isang beses na hindi sila suweldohan: "Pinag-overtime kami, hanggang alas onse. Ngayon si Trining, kaibigan ko, hindi nakatiis. Lumapit siya sa may-ari ng shop at humihingi ng kahit kaunti lang. 'Walang gatas ang anak ko.' Tapos, sabi noong may-ari, 'Bakit sa akin ka hihingi ng pambili?'"

Marahil, babalik siya doon.

"Oo." Ngunit walang tunog ng pag-asa ang kanyang tinig. Umiyak ang kanyang anak. Kinalong niya ito, nilaro-laro ang mga daliri, at hinunihan ng isang awit-panghele. Nagsipanhikan uli ang mga anak ni Didang, mga bagong paligo, ngunit suot pa rin ang dati nilang mga marurumi't nagsiurungang damit.

Sinabi nasin sa kanila, kantahin na lang yung inumpisahan n'yo kanina, yung Pilipinas, walang bigas.

Kanina pa namin sila pinipilit awitin iyon. Nakangunot-noo, sumagot ang pinakamatanda sa kanila: "Hindi naman kanta yun eh. Ganon lamang yun."

"Pilipinas, walang bigas. Ganoon lang ba yon?"

"Oo. Hindi kanta."

PANGKARANIWAN ang kahirapang nakalarawan sa itaas. Sina Rene at Didang ay dalawa lamang sa libo-libong nabubuhay sa kahirapan sa Kamaynilaan at sa iba pang panig ng Pilipinas sa kasunayan, sa ilalim ng batas-militar, lalong lumalawig at sumisidhi ang paghihirap ng mga mamamayan sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Sa likuran ng mga naglalakihang gusali, sa mga iskinitang isang duraan lamang ang layo sa mga magagarang bulebard, sa mga daspang nakasalampak sa bulubundukin ng mga basura, isang hinutok--"Ay, ang hirap ng buhay"--ang nakalambong sa bawat naninilaw na plato, sa bawat gulanit na bastida, sa bawat kislot ng katawan.

At ang katawan ang dahilan ng ganitong kalagayan? Sinabi ni Didang: "Ang paghihirap natin lahat? Sa akin, nasa sa katawan din yun."

Hindi.

Hindi ang "katawan" ng 75 porsiyento ng mamamayan ang nagtaas ng presyo ng mga bilihin. O nagtanggal sa kanila sa kanilang gawain at kanilang mga karapatan. Hindi sila ang naghangad na gumapang na lamang sa hirap, at kung tutol man dito'y hayaan ang sariling mapahirapan, ikulong o patayin nang walang paglaban.

Ang mahihirap ay hindi mahirap sapagkat itinakda ng kanilang "katawan" na sila ay manatiling gayon. Ito ay isang "pamahiin" na dapat bakahin. (Ang sabi nga ni Rene: "Nawawala ang pamahiin kung naguguton.") Kailangang ang lugaming katawan ay magkaroon ng panibagong lakas laban sa isang sistemang ang iilan lamang ang nakikinabang at ang "maliliit" ay lalong ibinabaon sa karalitaan. Kailangang waksan ang kawalan ng mapagtatrabahuhan, ng kaliitan ng kita, ng kamahalan ng mga pangunahing pangangailangan, ng pagtaas ng mga buwis, atbp. Ang nakikinabang sa sistemang ito—ang pamahalaang batas-militar ni Marcos sa pagtataguyod ng Estados Unidos--ang siyang sanhi ng lumalawak na kadahupan. Ang tinatawag nitong "bagong lipunan" ay isang mapanlinlang na paraan upang ikubli ang katotohanang lalong naging masiba ang naghaharing-uri sa pagsipsip sa yaman ng bansa at lalong naghirap ang mga mamamayan. Hindi lamang ito, pinipilit ngunit walang saysay na ikinukubli ng "bagong lipunan" ang rumaragasang rebolusyonaryong galit ng mga manggagawa't magsasaka. Ang masa ay buong loob na nagtataguyod ng lahat ng anyo ng pakikibaka laban sa diktadura, mula sa boycott ng mga jeepney drivers laban sa pagtaas ng presyo ng langis hanggang sa armadong pakikibaka sa kanayunan upang puksain ang mga galamay ng diktadura at unti-unting ipagwagi ang rebolusyong tungo sa kalayaan at panbansang demokrasya.

Dahil dito, ang hinutok—"Ay, ang hirap ng buhay"—ay pinanday na nang nagngangalit na masa upang maging sandata laban sa diktadura sa isang painut-inut at pangmatagalang digmang-bayan.

Hindi kanta ang Pilipinas, walang bigas. Ito ay pangkalahatang kalagayang tanging ang mga mamamayang inaapi sa ilalim ng batas-militar, ang mga dukhang tulad nina Rene at Didang, ang makapagbabago.

Suriin Po Natin

ni Victorio del Pueblo

NAGBALIK ANG HAPÓN, TAYO'Y LALONG GUTOM

Parang kahapon lang, di pa nagtatagal
Nang baya'y lusubin ng bansang gahaman;
Ang bandilang Nippon ay nakawagayway
Sa bunton ng mga bungkay at sugatan.

Ang laya ng bansa'y sinitil sa lupit,
Ang hindi yumukod; pinatay o piit;
Kung hindi lumaban ang baya't nagtiis
Tayo'y ganap na ngang nalupo't nalimkis.

Di nasan nagtagal, Hapon ay nagapi
At ang mga Pon-dyab nawala sandali;
Pero, kwidaw Bayan! Sa paunti-unti,
Ang mga Dorobo'y nanunumbalik muli!

Suriin po natin ang bagong taktika
Ng pasimuno sa militarista;
Dayundin ang lilong pakikikutsaba
Ng Bagong Lipunan na tayo'y ibenta.

Ang bagong istrok po ng pagsakop ngayon
Ay di gumagamit ng bomba at kanyon;
Ang bansang biktima kapag dinalahong,
Negosyo't kapital ang sinasandlong.

Ang imperyalista'y tila mga linta
At nabubuhay lang sa dugo ng kapwa;
Sa pamamagitan ng mga pakana
Nalulumpo nito ang bansang mahina.

Kunwa'y mag-alok ng tulong at bigay
At makikisosyo sa walang puhunan;
Pero pag kinwenta, siya'ng yumayaman
At ang tinulungan ay baon sa utang.

Kunwa'y magbibigay sa pagpapaunlad
Sa bansang agraryo at wala pang lakas;
Kasala-mala mo, kanya na ang lahat
Ng lupain, mina't kayamanang likas.

Kunwa'y magpupundar ng mga negosyo
At magpapadala ng makina't plano;
Nanggagawa't sangkap, sa bansang kanonyo...
At kanya ang tubo sa mga produkto.

Ang katulad nito'y yaong sawikaing
"Ikaw ang magsaing, siya ang kakain."
Ang malungkot nito, sapagkat masakim
Ni ayaw magparte ng kahit 'sang butil.

Ganyan mag-operayt itong sindikato
Ng mga higante ng Kapitalismo;
Ganyan kung tumodas ang Imperyalismo
Sa bansang katulad nating Pilipino.

Ganyan ang taktika nitong si Unole Sam
Magwala ng tayo ay "pinalaya" daw;
Itinuring nating "tanging kaibigan"
Pero maraming Pinoy ang dinuduguan.

At ganyan din ngayon ang istrok ng Hapon
Sa kunwa'y "pagtulong sa sinakop noon."
Tutulong daw sa 'ting industr'yalisasyon
Pero ekonomya ang gustong makontrol.

Una, pakay nila'y hilaw na kalakal
Kuha sa 'ting bukid, dagat at gubatan;
Kailangan nila'y likas nating yaman
Upang ang negosyo nila ay umandar.

Ikalawa, tayo'y tambaka't palengke
Ng yaring kalakal nitong Tomadatsi;
Kaya ngayon pa lang, tayo ay mag-survey,
Magkalat ang Sony, Tomhiba, Hitachi.

Hilaw na kalakal pag-angkat sa atin
Ay murang-mura lang kung kanilang kunin;
Pero pag nagawang TV o kitchenware,
Tubo'y patong-patong kung ating bibilhin.

Ang masama nito, ang Bagong Lipunan
Ay nag-open door pa sa mga inyuhan;
Pumirma pa kuno sa kontrato-duhan
Na taring sa Hapo'y alyadong espesyal.

Ngayo'y lalong bonta tayo sa limatik
Na pagnenegosyo ng dayuhang bisnes...
Talagang sa lilim ng Pambansang Papet
Talos kagipitan ang dito'y sasapit!

Aba'y malasin lang! Tila mga katong
Nagliliaw sa bansa ang mga Dorobo;
Wala ngang samurai, tangke't eroplano
Pero paldong pera ang nasa portfolio.

Liwain ang mga bagong korporasyon
Wala sa Ayala hanggang Bundok ngayon,
Nule Delta Motors hanggang Minnai-Union,
Nakasingit doon ang Hapon! ang Hapon!

At dumadagsa pa ang mga technicians,
Business executives na galing sa Japan;
Kung wala sa Hilton ay nasa Mindanao,
Kung wala sa lunsod, nasa kabundukan.

Tila pesteng kawan na bawat hipuin
Ay nalalahiran ng sakit at lagim;
Nakatitiyak nang sa bawat dumating,
May dugo ng bayang naiu na sipsipin.

At ang kakutsabang Bagong (daw) Lipunan,
Bagong Kalibapi ang dapat ingalan;
Basta't areglado ang kanilang "lagay",
"Arigato" pa rin patay man ang Bayan.

Anupa't ang Bayan upang makaligtas
Sa ganap at lubos na pagkawakawak,
Dapat na mag-isa't mag-ipon ng lakas...
Ang Papet-Pambansang rehimen'y ibagsak!!